

Mga Bakuna sa COVID-19

Maraming mga bakuna ang ginagawa para maprotektahan tayo laban sa COVID-19. Nasa ibaba ang ilan sa mga karaniwang katanungan tungkol sa pagbabakuna at mga bakuna sa COVID-19.

1. Bakit mahalaga ang pagbabakuna?

Ang pagbabakuna ay isang ligtas at epektibong paraan para maiwasan ang sakit. Ang mga bakuna ay nagliligtas ng milyon-milyong buhay kada taon. Kapag tayo ay nababakunahan, hindi lang natin pinoprotektahan ang ating mga sarili, ngunit pati na rin ang mga taong nasa paligid natin.

2. Paano pinoprotektahan ng mga bakuna ang mga komunidad?

Kapag ang isang tao ay nabakunahan, sila ay hindi malamang na makakakuha ng sakit o makapagpasa ng mikrobyo sa ibang mga tao. Kapag mas maraming tao ang nabakunahan, mas kakaunting tao ang natitira para sa isang mikrobyo na makahawa kaya't mas mahirap itong kumalat. Ang tawag dito ay kaligtasan sa sakit ng komunidad o "herd immunity." Ang herd immunity ay mahalaga dahil pinoprotektahan nito ang mga tao na hindi makakuha ng bakuna, halimbawa, dahil sa sila ay masyado pang bata o lubhang may sakit.

3. Paano gumagana ang isang bakuna?

Gumagana ang mga bakuna sa pamamagitan ng paghahanda sa immune system ng katawan na kilalanin at labanan ang mga mikrobyo. Binabawasan nila ang iyong panganib ng pagkakaroon ng sakit sa pamamagitan ng pagtatrabaho katuwang ang mga likas na depensa ng iyong katawan upang makabuo ng proteksyon.

Kapag ikaw ay nagpapabakuna, tumutugon ang iyong immune system. Ito ay:

- Tinitiktikan ang mga sumasalakay na mikrobyo, tulad ng isang virus o bakterya.
- Gumagawa ng mga antibodies. Ang mga antibodies ay mga protina na natural na ginagawa ng immune system para labanan ang sakit.
- Inaalam ang sakit at tinatandaan kung paano ito labanan. Kung ikaw ay malalantad sa mikrobyo pagkatapos na mabakunahan, ang iyong immune system ay madaling mawawasak ito bago pa man na ikaw ay magkasakit.

Ang ating mga immune system ay dinisenyo para magtanda. Sa sandaling makakuha tayo ng isa o higit pang dosis ng isang bakuna, tayo ay protektado laban sa sakit sa isang yugto ng panahon. Ito ang nagpapabisa sa mga bakuna. Sa halip na gamutin ang isang sakit pagkatapos itong maganap, pinipigilan na ng mga bakuna upang tayo ay hindi na magkasakit.

4. Maaari ka bang makakuha ng COVID-19 mula sa isang bakuna?

Hindi. Wala sa mga bakuna ng COVID-19 na kasalukuyang ginagawa sa Estados Unidos ang may virus na nagsasanhi sa kanila ng COVID-19. Paminsan-minsan nagkakaroon ang mga tao o nanghihina nang isang araw o anupaman pagkatapos na mabakunahan. Ang mga sintomas na ito ay normal at isang palatandaan na ang katawan ay bumubuo ng proteksyon sa sakit o immunity. Maaari mong matutunan ang higit pa tungkol sa kung papaano gumagana ang mga bakuna ng COVID-19 dito sa [CDC website](#).

Tipikal na inaabot ng ilang mga linggo para sa katawan na makapagtatag ng proteksyon sa sakit o immunity pagkatapos ng pagbabakuna. Kung ang isang tao ay nahawaan ng virus na nagsasanhi ng COVID-19 bago pa man o pagkatapos lamang na sila ay mabakunahan, maaari pa rin silang makakuha ng COVID-19. Ito ay dahil sa ang bakuna ay hindi nagkaroon ng sapat na oras para makabuo ng proteksyon.

5. Ang pagkuha ba ng bakuna ay magsasanhi sa akin na magpositibo sa isang COVID-19 na pagsuri (test)?

Hindi. Ang mga bakuna ay hindi magsasanhi sa iyo na masuring positibo sa isang pagsuri sa virus (viral test na tulad ng swab test) na naghahanap para sa kasalukuyang impeksyon ng COVID-19. Maaari kang magpositibo sa ilang antibody tests. Ito ay dahil sa isa sa mga paraan na gumagana ang bakuna ay ang pagturo sa iyong katawan na gumawa ng antibodies.

Mga Bakuna sa COVID-19

Tingnan ang [testing webpage](#) ng pampublikong kalusugan upang matutunan nang higit pa ang tungkol sa mga pagsuri sa COVID-19.

6. Ilang mga bakuna sa COVID-19 ang mayroon?

Sa buong mundo, higit sa 50 bakuna sa COVID-19 ang sinusuri sa mga tao. Ngunit kakaunti lamang ang nakapagsimula na ng malakihang (phase 3 o ika-3 yugto) mga klinikal na pagsubok (clinical trials) sa Estados Unidos upang tingnan kung gaano sila kahusay gumana. Tingnan ang gabay sa [mga klinikal at bakunang pagsubok](#) upang matutunan ang higit pa tungkol sa mga pag-aaral na phase 3.

7. Ilang turok ng bakuna sa COVID-19 ang kailangan ko?

Karamihan sa mga bakuna ng COVID-19 na sinusuri ay ibinibigay sa dalawang dosis na may ilang linggong pagitan. Mahalaga na makuha ang parehong uri ng bakuna para sa parehong turok.

8. Dapat ba akong magbayad para kumuha ng isang bakuna sa COVID-19?

Hindi. Ang doktor o parmasya ay maaaring maningil ng bayarin para sa pagbibigay ng bakuna, ngunit dapat itong saklaw ng pampubliko at pribadong kumpanya ng seguro (insurance companies). Ang mga taong walang seguro sa kalusugan (health insurance) ay maaaring makakuha ng mga bakuna sa COVID-19 nang walang gastusin. Walang ibang babayaran (out-of-pocket payments).

9. May sapat bang bakuna para sa lahat?

Hindi kaagad sasapat ito para sa lahat. Gumawa na ng mga plano para maikalat ang limitadong mga bakunang ito sa isang patas, etikal, at malinaw na nakikitang paraan. Ang mga manggagawa sa healthcare at mga taong naninirahan sa mga pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga (tulad ng nursing homes) ay unang aalokan ng bakuna. Ang layunin ay para sa lahat na magawang makuha nang madali ang pagbabakuna sa COVID-19 sa lalong madaling panahon na may maraming dami ng bakuna ang magagamit; maaaring abutin ito ng ilang buwan.

10. Bakit kakailanganin ang isang bakuna kung makakagawa naman tayo ng ilang mga bagay, katulad ng panlipunang pagdistansya at pagsusuot ng mga maskara (masks)?

Dapat nating gawin ang lahat ng ating makakaya para pigilan ang pandemya. Ang mga bakuna ay nakapagbubunsod ng iyong immune system nang sa gayon ay handa itong labanan ang virus kung ikaw ay malalantad. Ang iba pang mga hakbang, tulad ng mga maskara (masks) at panlipunang pagdistansya, ay tumutulong na bawasan ang iyong tiyansa na malantad o ikalat ang virus. Sama-sama, ang mga kasangkapang ito ay nag-aalok ng pinakamahusay na proteksyon mula sa COVID-19.

11. Kung nagkaroon na ako ng COVID-19, kakailanganin ko pa bang magpabakuna?

Oo, kailangan mo ang bakuna kahit na nagkaroon ka na ng COVID-19. Hindi pa natin alam kung gaano katagal kang protektado pagkatapos mong magkaroon ng COVID-19, kaya't mahalaga na mayroon kang bakuna para palakasin ang iyong immunity.

12. Dapat ba akong magpaturok para sa trangkaso?

Oo, malamang na ang mga virus na nagsasanhi ng trangkaso (flu) at COVID-19 ay parehong kakalat ngayong taglamig. Ang turok para sa trangkaso ay pinoprotektahan ka lamang laban sa trangkaso, ngunit nangangahulugan naman ito na hindi ka na makikipagsapalaran na makakuha ng trangkaso at COVID-19 nang sabay. Iiwas ka nito sa pagkakaroon ng mas malubhang sakit. Ang pagkuha ng bakuna sa trangkaso sa ngayon ay higit kailanman na mahalaga. Kung malamang na makakuha ka ng bakuna sa COVID-19 sa lalong madaling panahon, tanungin ang iyong doktor sa pinakamagandang panahon para kumuha ng turok sa trangkaso. Ito ay dahil sa ang dalawang bakuna ay maaaring dapat na ibigay nang may ilang linggong pagitan.

Mga Bakuna sa COVID-19

13. Ano na ang magagawa ko ngayon para matulungang maprotektahan ang aking sarili sa pagkakaroon ng COVID-19 dahil ang isang bakuna ay hindi pa magagamit?

Dapat mong takpan ang iyong bibig at ilong gamit ang isang pantakip sa mukha kapag nasa paligid ng ibang tao, iwasan ang malapitang pakikisalamuha sa mga taong may sakit, magsanay ng pisikal na pagdistansya, at hugasan nang madalas ang iyong mga kamay. Tingnan ang nakapaskil na gabay para sa [pagbawas ng iyong panganib](#).